

Pagaanin ang Paglilipat-kalagayan ng Bata sa Paaralan

Ano ang Maaring Gawin ng Pamilya

1. Kausapin ang bata tungkol sa pagsisimula sa bagong paaralan.
2. Samahan ang bata sa pagpasok sa bagong paaralan.
3. Bumisita sa mga bagong programa na kasama ang bata, bago pa mag-umpisa ang klase.
Bigyan ng pagkakataon na makita ang silid-aralan at makilala ang kanyang bagong guro.
4. Bigyan ng pagkakataon ang bata na makapaglaro sa palaruan, bisitahin ang silid aklatan, gamitin ang palikuran atbp.
5. Umpisahan ang pagpapakikilala sa bata sa pakikipagkaibigan, at pakikibahagi ng mga laruan, paggamit ng mga bagay gaya ng larawan o libro.
6. Magbigay ng pagkakataon para matutong mapag-isa ang bata sa mga pansariling gawain.
(halimbawa: tulad ng paggamit ng kubeta, pagbibihis at pagkain)
7. Magbigay ng pagkakataon para makapili at makapagdisisyon ang bata. (halimbawa: pagpili ng sariling miryenda o mga damit)
8. Makipagkilala sa bagong guro para mapag-usapan ang kakayahan, pangangailangan, paboritong gawain, at kung saan dapat kailanganin ng bata ang tulong, atbp.
9. Itaguyod ang pakikipag-usap ng tagapag-alaga at ng guro.
10. Sikaping magkaroon ng paraan ang patuloy na pakikipag-usap sa guro ng bata.
(halimbawa: pagtawag sa telepono, pagdalo sa pulong o miting, libro ng komunikasyon)